


# Matematica Senza Frontiere Junior

## Paligasahan 2006/07




*Pagsasanay 1*

**Sagutin ang mga tanong ayong sa mapili mong wika:**

*Mister Cube*



**Mister Cube loves to look at himself in the mirror. He turns, and turns again,...**

**Observe the three reflections and complete mister Cube's pattern.**



*Monsieur Cube*

Monsieur Cube aime se regarder dans le miroir. Il se tourne dans tous les sens. **Regardez les trois images réfléchies et complétez le modèle de Monsieur Cube.**



*Pagsasanay 2*

*Ang samahan ng judo*

**Noong 1 septembre 2001, 64 ang nagpalistang bagong kasapi ng samahang judo. Nagsimula silang lahat sa puting sintura. Kada taon, sa hunyo, kalahati ng kasapi ay nakakakuha ng mas mataas na sinturon.**

**Ilan sa mga kasapi ng 2001 ang makakamit ng sinturong bughaw sa septembre 2007?**

**Paalala: ang sunod-sunod na baitang ng sinturon mula sa pinakamababa hanggang maestro ng judo ay ang; puti, dilaw, kahel, berde, bughaw, kayumanggi at itim.**




*Pagsasanay 3*

*Ang larong domino*

**Nasa larawan ang limang petsas ng domino. Ang kabuuan ng puntos ng hanay sa taas ay 16. Ang kabuuan ng puntos ng hanay sa baba ay 18.**

**Paikutin ang dalawang petsas para makuha ang kabuuang 17 puntos sa taas at babang hanay.**



Pagsasanay 4

Pirata

Sa islang Tartaruga nakatira ang mga pirata. Mabibilang mo ay 127 paang kahaoy, 83 piring at 97 kawit 12 pirata ang may isang paang kahoy at isang kawit 4 pirata ang paay kahoy, may piring sa mata at may kawit. 70 pirata ang may kawit lamang at 93 ang may isang paang kahoy lamang.




Ilang pirata ang may piring sa mata lamang? (Ipaliwanag mo kung paano mo nahanap ang kasagutan).

Pagsasanay 5

Ang tipaklong at ang langgam

Isang batang langgam ang umalis sa kanyang bahay para magbakasyon sa pinsan niyang tipaklong. Ang lalakbayin niya ay 120 piye para makarating sa bahay ng tipaklong. Ang pinsan niyang tipaklong ay nasalubong siya para hanapin.



Nagsimulang maglakad ang langgam na nakapaa at nagtapos na buhat-buhat ng tipaklong. Ang nalalakbay ng langgam ay 10 piye sa isang araw, ang tipaklong ay 20 piye sa isang araw.


Ilang araw bago makarating ang langgam sa bahay ng pinsan niyang tipaklong? (Ipaliwanag mo kung paano nakamit ang solusyon).

Paalala: ang piye isang antigong yunit sa pagsukat. Ang tipaklong kahit buhat niya ang pinsang langgam ay nalalakbay ang 20 piye sa isang araw.

Pagsasanay 6

Sa iyo ang kompas


Isang pormang naglaman ng 8 kalahating bilog ay nasira.



Hanapin ang pormang orihinal na hindi nadiforma (ang eksaktong porma)

Atensiyon:

- Ang kalahating bilog na linyang tudok ay may rayon na 11 sentimetro, ang may 3 sentimetro.
- Ang sukat (centimetro) ng diyametro, ang kalahating bilog ay mga numerong p
- Kung ang diyametro ay maliit sa larawang ito, kailangang pati sa inyo.



1a


Pagsasanay 7

Biyahe sa Europa

Isang turistang alsaziano ang gustong bisitahen ang Madrid, Rome, Berlin, London at Paris.

Siya ay nagtanong sa kanyang ahente ng biyahe, na magsisimula siya sa Paris, at ang mga nasabing siyudad sa Europa na hindi na dapat dadaan ng dalawang beses sa isang siyudad.

Ang biyahing mungkahi ng ahente ay ang nasa larawan.



**Ano-ano ang mga itineraryong puweding imungkahi ng ahente?**

*Paalala: ano man ang huling siyudad, doon siya dapat kumuha ng eroplanong pabalik sa bahay niya sa Strasburg.*

**Pagsasanay 8**

*Ayon sa asal ni Paul Klee*

**Ang pagsasanay na tinutukoy sa kuwadrang « rythme » ng pintor na si P. Klee**

**Para makagawa ng entrepanyo gaya kay P. Klee, ang gamit niya ay tatlong kulay: bughaw na matinkad, bughaw na malinaw at abuhin. Ang dalawang kahong magkatabi ay hindi puweding magka-parehas ang kulay, maliban lamang kung ito ay nakakabit sa sulok.**

**Kulayan ang entrepanyo ayon sa asal ni P. Klee, kung puwedi, subukang magkaroon ng mas kaunting kahon ng abuhin.**

